

Dr. JEM R. JAVIER

jem.javier@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Prop. APRIL J. PEREZ

ajperez@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Matutunghayan sa isyung ito ng Daluyan ang mga pag-aaral na nakatuon sa iba't ibang disiplinang kinakikitaan ng pag-iral ng wika sa lipunan at kultura. Pinapaksa ng mga pananaliksikang pagpaplanong pangwika sa New Southbound Policy ng Taiwan, kasaysayang pangkapaligiran ng Caliraya Dam, pagtatasa sa sigla ng mga wika sa Pilipinas, ideyolohiyang Agta sa awit na *On Potok*, pagpapakahulugan sa konsepto ng kalooban sa kongregasyong Jesus Miracle Crusade International Ministry, teatrikalidad ng *MonoVlog*, at ekosalin.

Tinalakay sa artikulong “Pagpaplanong Pangwika sa New Southbound Policy at ang pagtuturo ng Filipino sa Taiwan” ni Aura Abiera ang New Southbound Policy (NSP) ng Taiwan, at ang Southeast Asian Language Program na bahagi nito, sa dalumat ng pagpaplanong pangwika. Itinuturing na mga haligi ng NSP ang mga sumusunod: pagtataguyod ng ekonomikong kolaborasyon, pagsasagawa ng tao sa taong pagpapalitan, pagpapalakas ng pagbabahaginan ng resources, at pagbubuo ng mga rehiyonal na ugnayan. Iniugnay ang polisiyang ito sa talakay ni Cooper kung saan tinitingnan ang mga politikal, ekonomiko, at siyentipikong mga salik bilang motibasyon sa pagpaplanong pangwika. Inilapat din sa artikulo ang dalumat ni Cooper sa pagpaplanong at patakarang pangwika at ipinakita ang kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa programang SEAL, gayundin ang mga implikasyon at/o mungkahi sa pagtuturo ng Filipino sa Taiwan.

Inilahad naman ni Ruben Jeffrey Asuncion sa kaniyang pananaliksik na “Isang Paunang Pagsasakasaysayan ng Caliraya Dam sa Silangang Laguna, 1939-1947” sa lapit ng kasaysayang pangkapaligiran ang pagsasakasaysayan ng Caliraya Dam. Pinahahalagahan

ng may-akda ang pagbibigay-pansin sa kasaysayan ng mga impraestrukturang itinayo sa panahon ng mga Amerikano na sa kasalukuya’y ginagamit pa rin. Liban pa sa ginawang pagsasakasaysayan, inilarawan at inilunan ang ni Asuncion ang Caliraya Dam at ang mga kaugnay na pasilidad nito, iniuri din ang mga disenyo at silbi ng mga dam sa Cavite at Laguna noong panahon ng Kastila at Amerikano, at binanggit ang ilang usaping historyograpikal

Ipinaliwanag ni Noah Cruz sa kaniyang artikulong “Malalimang Pagtalakay sa Dalawang Pangunahing Lapit sa Pagtatasa sa Sigla ng mga Wika sa Pilipinas” ang hinggil sa Language Vitality Endangerment (LVE) ng UNESCO at Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) nina Gary Simons at Paul Lewis. Inilahad at siniyasat sa papel ang mga batayang ideyang tinutuntungan ng LVE at EGIDS, gayundin ang paghahanay sa kabuuang prosesong sinusunod ng bawat isa. Dagdag pa rito, tinalakay rin ang mga kalakasan at kahinaan ng dalawang lapit. Sa huli, ninanais ng mananaliksik na makatulong sa pagtugon sa pangangailangan para sa isang lapit na makapagtatasa at makasusuri ng masalimuot na sitwasyon ng mga wika sa bansa.

Tampok sa papel ni Ma. Cecilia De La Rosa ang *On Potok*, isang awit-protesta sa wikang Umiray-Dumaget at tanyag sa mga komunidad ng Agta sa Luzon, partikular ang bulubunduking Sierra Madre. Gamit ang metodolohiya na sumusuri sa mga ideolohikal na senyas, itinanghal ni De La Rosa ang pagkaadaptibo ng aspektong ito ng kultura ng mga Agta, na nakikibagay sa kasalukuyan at pang-araw-araw na kontekstong nakapaligid sa kanilang pamayanan, partikular ang kanilang nagpapatuloy na pakikibaka laban sa banta ng mga dam sa kanilang lupang ninuno. Sa gayon, napagtitibay ang kahalagahan ng mga oral na panitikan, gaya ng mga awit, na nagsisilbing sisidlan ng ideolohiyang pinagsasaluhan ng mga tao, nagpapatingkad ng kanilang mga halagahin, naglalarawan sa kanilang buhay at pamumuhay, at nagsasalin ng mga adhikain sa susunod na salinlahi.

Isang muling pagsipat sa konsepto ng kalooban ang isinagawa ni Marvin Rael Tenecio sa kaniyang artikulong pinamagatang, “Pagpapakahulugan sa Konsepto ng Kalooban sa Kongregasyon ng Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM).” Sa kaniyang papel, pinalawak ni Tenecio ang pagdalumat sa konsepto ng kalooban sa pamamagitan ng pagpapaloob nito sa konteksto ng organisasyong panrelihiyon, partikular ang JMCIM, at kung paano hinuhubog ng mga kasapi nito ang naturang konsepto upang umayon sa diskurso at kolektibong paniniwala at paggawa ng mga miyembro. Lumilitaw na ang kalooban bilang isang konseptong panrelihiyon sa punto de bista ng mga kasapi ng JMCIM ay sumasaklaw sa plano at kapahintulutan ng Diyos, at sa pagpapasya, tanda ng pananampalataya, at sandigan ng mga kasapi ng kongregasyon.

Dinodokumento naman nina Sir Anril Tiatco at Layeta Bucoy ang monoVlog, isang likhang-sining na umusbong noong panahon ng pandemyang COVID-19. Tampok sa papel na ito ang iskrip ng isang halimbawang monoVlog na itinanghal nang live sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya at sa gitna ng iba’t ibang limitasyon sa paggalaw dahil sa pandemya. Tinalaytay rin nina Tiatco at Bucoy ang kasaysayan ng pagbangon ng anyong-sining na ito, na nakalatag sa konteksto hindi lamang ng pandemya kundi ng kinakaharap na mukha ng lipunan sa panahong binubuo at hinuhubog ang monoVlog bilang bagu at makabagong uri ng pagtatanghal. Mapagtatanto sa kanilang

pananaliksik na ang monoVlog ay hindi lamang isang malikhaing pamamaraan upang maitaguyod ang ganitong genre ng masining na pagpapahayag na labis na naapektuhan ng pandemya, kundi isang mainam na lunan upang masalamin ang realidad kung saan nabubuhay ang sangkatauhan sa kasalukuyan, at daan upang mapagyman ang sining ng pagtatanghal.

Ang huling papel na tampok sa isyung ito ng *Daluyan* ay pinamagatang, “Ang Posibilidad at Hangganan ng Ekosalin: Isang Pagbabalangkang at Paglalapat ng Nababagong Teorya sa Larangan ng Pagsasalin,” na akda ni Claudette Ulit. Nakasalig sa larangan ng eco-translation at ekolinggwistiks, ang ekosalin ay isang lapit sa pagsasalin na may adhikaing makakalikasan. Ayon kay Ulit, “Napatunayan na malaking tulong sa ekolohikal na perspektibo ang lingguwistika bilang disiplina na makarating sa mainam na pag-unawa kung paanong gumagana ang wika—kung paano ito ginagamit ng tao para sa sarili niyang kapakanan at kung paano ito naging behikulo sa pagkukubli ng mga katotohanang pumapabor o papabor sana sa kalikasan.” Ang artikulong ito ay nagsisilbing alingawngaw rin ng pananaw sa mahalagang papel na ginagampanan ng mga tagasalin hindi lamang bilang tagatulay sa dalawa o higit pang wika, kundi maging tagapag-ugnay ng mga kultura, pananaw-daigdig, paniniwala, at halagahin ng mga pamayanang bumabasa sa teksto at mga salin nito.

Ang iba’t ibang disiplina, metodolohiya, teoretikal na balangkas, at adbokasiyang inilalahad ng mga artikulo sa isyung ito ng *Daluyan* ay nagpapatotoo na ang wikang Filipino ay magagamit na midyum ng akademikong diskurso. Dagdag pa rito—at marahil lalong mahalaga—ang paggamit sa wikang pambansa sa pagpapalaganap ng mga resulta ng mga pananaliksik ng mga may-akda ay isang mabisang paraan upang maipaabot sa lalong malawak na madla ang mga bagong kaalaman, kritikal na pagsusuri, at panibagong perspektiba sa iba’t ibang aspekto ng lipunan at mga kulturang bumubuo sa bansa. Isang maalab na pasasalamat sa mga nag-ambag ng papel, mga bahagi ng lupon ng mga editor, mga kasapi ng pangkat pampatnugutan, at palimbagan ng UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman sa pagkakataong mabuo ang mahalagang isyung ito ng *Daluyan*. Maligaya at mabungang pagbabasa sa ating lahat.